# NAPAUUNLAD ANG KASANAYAN SA PAGPAPAKAHULUGAN AT PAGGAMIT NG SALITA NG MGA MAG-AARAL SA IKATLONG BAITANG SA TULONG NG LARONG TALAS - SALITA

JENNIFER A. PAGLINAWAN

Proposed Research Title

| | |
|---|---|
| **Context and Rationale (Must be data driven in order to reflect the gap/s indicated)** | *Ang wika ay mahalagang sangkap sa pakikipagtalastasan. Ang paggamit ng mga salita sa wastong paraan ay mahalagang hakbang upang mas maging madali ang pakikipag-usap. Mahirap kung minsan maintindihan ang isang teksto kung limitado ang bokabukaryo o kakayahang magbigay kahulugan sa mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw na buhay.*<br>*Sa katunayan, itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon ang Taunang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika, Proklamasyon Bilang (Blg.) 147, s. 1997. Ito ay nagpapahayag na tuwing 1-31 ng Agosto ay ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).*<br>*Ayon sa pahayag ng isang kolumnistang si Alfie Vera Mella, responsibilidad ng bawat tao na pagyamanin ang kanyang kaalaman sa paggamit ng pinakamahalagang armas ng komunikasyon. Dagdag pa nito, na habang nagiging bihasa ang isang tao sa tamang paggamit ng wika ay mas nababawasan ang di pagkakaintindihan ng bawat tao.*<br>*Ayon kay Edward Sapir, ang wika ay isang likas at makataong pamamaraan ng paghatid ng mga kaisipan, damdamin, at mithiin. Ayon naman kay Baaco, Belgira (2013), ang pagkakaroon ng wikang pambansa ay nagbibigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan at nagbibigay tulong sa pag-unlad ng iba't ibang aspeto ng bansa. Ang wikang pambansa ay naging isang malaking daan ng komunikasyon upang mapalago at mapabuti ang takbo ng political, sosyolohikal, at maging ekonomikal na aspeto ng lipunan.*<br>Kapansin-pansin na hindi tama ang paggamit ng ilang mga batang mag-aaral sa paggamit ng mga salita sa kanilang pagbuo ng diwa ng pahayag lalo na kung ito ay pasulat. Ito ang isa sa mga dahilan kung nabuo ang konseptong TALAS – SALITA na naglalayong mapabuti ang mga kasanayang ito. |
| **ACTION RESEARCH QUESTIONS** | Paano makatutulong ang larong ***TALAS-SALITA*** sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang pangkat Joy? |
| **PROPOSED INNOVATION, INTERVENTION, AND STRATEGY (cite literature that supports the study)** | Ang ***TALAS-SALITA*** ay inter-aktibong laro na naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa taong panuruan 2023-2024. Matatalas sa larong ito ang lawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagbo ng makabuluhang pangungusap gamit ang wastong gamit ng mga salita. Naglalayon din itong matukoy kung ang mga mag-aaral ay may kakayahang magbigay ng kahulugan sa mga salitang madalas o malimit gamitin sa pakikipag-usap.<br>Magsisimula ang laro sa pamamagitan ng "Jack en Poy" upang matukoy kung sino ang mauuna sa paghagis ng dice. May 5 tanong na nakalaan sa bawat box o tile ng board game. Kung saan mapupunta ang bilang ng dice ay yun ang magiging paraan ng pag-usad ng mga manlalaro. Sasagutin ng manlalaro ang tanong kung saan huminto o napuntang bilang ang dice. Kapag ito ay nasagot niya at nagamit ng wasto sa pangungusap ay muli siyang pagbibigyang ihagis muli ang dice. Kung sa susunod na pagkakataon ay mali ang sagot, mananatili ito sa kanyang bilang. Magpapatuloy ang laro hanggang sa marating ng isa sa manlalaro ang pinakadulong bilang.<br>Bago ang naturang laro, ay magbibigay muna ang tagapagsaliksik ng pre-test sa mga mag-aaral. Layunin ng pagsusulit na ito ay masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan at paggamit nang wasto ng mga salita. Sa huling yugto ng pananaliksik, ay magbibigay ang tagapagsaliksik ng post-test. Dito ay ikukumpara ang nakuhang datos mula sa naunang pagsusulit. |
| **Research Methods**<br>- Participants and/or other sources of data and information<br>- Data Gathering Methods<br>-Data Analysis Plan | Ang mga kabilang sa pananaliksik na ito ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng taong panuruan 2023-<br>2024. Gagamit ng pre-test at post-test ang mananaliksik upang matukoy ang pagiging epektibo ng pananaliksik na ito sa pagtulong sa mga mag-aaral at mga kaguruang na nagnanais ding mapaulad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapakahuluganat paggamit ng wastong mga salita sa pakikipagtalastasan.<br>Ang datos na makukuha ay masusing pag-aaralan kung ito ay may positibo o negatibong dulot sa mga mag-aaral na lalahok sa pananaliksik. |
| **Plans for Dissemination and Advocacy** | |

| **Timeline** | | Pre-Implementation | Implementation Proper | Post Implementation |
|---|---|---|---|---|
| | **Month** | September 29, 2023 – October, 2023 | November – December, 2023 | January, 2024 |
| | **Activities** | - Pagpapasa ng research proposal<br>- Pagkuha ng aprobal mula sa punungguro<br>- Pagkuha ng pangalan ng mga sasailalim sa pananaliksik na ito<br>- Pagkausap sa mga magulang ng mga batang kabilang sa pag-aaral<br>- Paghahanda ng board game | - Pagmamahagi ng parent's consent para sa mga batang lalahok sa pananaliksik<br>- Pagpapaliwanag sa paraan ng paggamit ng board game<br>- Pagpapagamit ng board game<br>- Pagbibigay ng pre-test<br>- Pagkalap sa mga nakuhang datos | - Pagbibigay ng post-test<br>- Pagkalap ng mga datos<br>- Pagkukumpara at pag-aanalisa sa mga nakuhang datos |

| | |
|---|---|
| **References** | https://filipinojournal.com/gaano-nga-ba-kahalaga-ang-tamang-paggamit-ng-wika/<br>https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2018/10/DO_s2008_060.pdf<br>https://www.docsity.com/en/isang-pag-aaral-sa-antas-ng-kaalaman-ng-mga-mag-aaral-sa-baitang-11-sa-wastong-paggamit-ng-wikang-filipino-sa-pagsulat-ng-editoryal/5584907/ |

**Submitted by:**

**JENNIFER A. PAGLINAWAN**
Proponent

**Approved:**

**SALITA L. SALAYSAY**
Principal